Tungkol sa pagpapagaling sa tuluyan kaugnay ng mga taong may banayad na sintomas ng COVID-19 atbp.

Sa Shiga Prefecture, upang magarantiya ang sistema ng paglalaan ng sapat na serbisyong medikal sa mga may malulubhang kaso atbp. ng COVID-19, ang mga taong walang sintomas o mayroong banayad na sintomas sa medikal na pananaw ay maaaring ipasagawa ang pagpapagaling sa mga pasilidad at tuluyan para sa pagpapagaling sa halip na ma-ospital sa institusyong medikal, kahit na positibo ang resulta ng kanilang test para sa COVID-19.

Mangyaring maging panatag ang loob dahil oobserbahan ng mga resident medical staff ang inyong kalusugan habang nagpapagaling kayo sa pasilidad at tuluyan para sa pagpapagaling.

Ukol sa pakikipag-ugnayan sa kasong magpapagaling sa tuluyan

① Kung nag-positibo sa test para sa COVID-19

Sa Control Center ng Shiga Prefecture kung saan inaayos ang mga papasukang ospital atbp. ng mga pasyente ng COVID-19, pinagpapasyahan ang papasukang ospital at pasilidad at tuluyan kung saan magpapagaling ayon sa kondisyon ng kalusugan ng pasyente, kalagayan ng kapasidad ng ospital, sitwasyon ng pamilya atbp.

② Kung magpapagaling sa pasilidad at tuluyan para sa pagpapagaling

Pagpapasyahan ang pagpapagaling sa pasilidad at tuluyan para sa pagpapagaling pagkatapos kumpirmahin ng Control Center ang mga sintomas atbp. sa mismong pasyente. Aayusin sa Control Center ang oras ng pagpasok sa pasilidad, paraan ng paghatid atbp. sa pagitan ng mismong pasyente at sa tutuluyang pasilidad, at ipapaalam ito sa mismong pasyente.

Gayundin, pagdating sa pasilidad at tuluyan para sa pagpapagaling, magsasagawa rin ng orientation ukol sa pagpasok sa pasilidad. Sa pagkakataong iyon, para sa mga taong mayroong LINE account, gagamitin ito bilang paraan ng pakikipag-ugnayan habang nagpapagaling, kung kaya't mangyaring sumang-ayon na i-add bilang kaibigan sa LINE ang medical in-charge.

Ukol sa dadalhin at ihahandang mga bagay kapag papasok sa pasilidad

◆ Paunang paghahanda

Mangyaring maghanda para sa pagpapagaling sa tuluyan at sumangguni sa nakasulat sa ibaba para sa mga bagay na dadalhin at ihahanda, makipag-ugnayan sa inyong pamilya atbp, at **ipalagay na matutulog sa labas ng bahay nang humigit-kumulang 2 linggo**.

Bukod dito, ihanda kung ano ang nasa inyong tahanan sa prinsipyo, at maghanda sa paraang hindi lalabas ng bahay ang mismong pasyente o ang kanyang mga close contact, sa pamamagitan ng paghiling sa mga kapamilya atbp. na bilhin ang mga kulang na bagay atbp. Mangyaring alalahanin na **walang nakalagay na amenities sa kuwarto**. Karagdagan pa, **wala ring mga communal use na gamit tulad ng washing machine atbp**.

◆Mga dadalhin at ihahandang bagay

- Health insurance card, **Maternal and Child Health Handbook (para sa mga nagbubuntis)**
- Kasalukuyang iniinom na gamot, medicine notebook
- **Mga kinakailangan para sa pamamahala ng kalusugan (sphygmomanometer, CPAP (device para sa paggamot ng sleep apnea syndrome), glucometer, insulin, atbp.)**
- Gamit na pangsulat
- Mga damit (pamalit na damit, pajama, susuotin sa paa para sa loob ng kuwarto (tsinelas) atbp.）
- Toiletries atbp. (sipilyo, toothpaste, hand soap, body wash, shampoo at conditioner, pang-ahit, kosmetiko, tissue, atbp.)
- Kagamitang panlaba (sabong panlaba, hanger, sipit, atbp.) *Bawal gumamit ng bleach
- Kubyertos (chopsticks, kutsara, tasa atbp.)
- Mga twalya (bath towel, face towel, bath mat, basahan atbp.)
- Panlibangan (mga bagay atbp. para sa libangan tulad ng smartphone, tablet device, charger, libro atbp.)
- Iba pa (kagamitang panglinis, kumot para sa regulasyon ng temperature ng katawan atbp)

*Para sa mga taong papasok sa pasilidad nang may kasamang maliit na bata, inirerekumendang dalhin ang mga sumusunod na bagay.

- Tsitsirya at inumin para sa bata (bento para sa mga adulto at tubig lamang ang hinahain dito sa pasilidad), bedwetting sheet, mga diaper, toilet seat para sa bata atbp.

*Nakahanda sa pasilidad ang mga sumusunod...toilet paper, linen para sa kama, face mask, supot ng basura, thermometer

***Bawal magdala ng sigarilyo, alkohol tulad ng sake, beer atbp, hilaw na pagkain, at mga bagay na naglalabas ng ingay.**

Ukol sa mga padala

Maaaring magpadala sa inyo ang inyong mga kapamilya at kakilala, ngunit mangyaring sumangguni sa mga ehemplo sa ibaba para sa mga bagay na maaari naming tanggapin.

Gayundin, para sa mga taong mayroong padala, mangyaring paunang makipag-ugnay sa opisina ng pasilidad at tuluyan para sa pagpapagaling kung saan sila namamalagi. Aayusin namin ang oras ng pagpunta, lugar ng pagtanggap, paraan ng pakikipag-ugnayan atbp.

*Maaaring hindi tanggapin ang padalang hindi muna ipinaalam sa amin nang maaga kung kaya't mangyaring mag-ingat.

*Sa pangkalahatang panuntunan, hindi maaaring tumanggap ng padala mula sa mga close contact.

[Halimbawa]

◆Mga bagay na maaaring ipadala (pagkain) *Maaaring hindi tanggapin depende sa season, temperatura sa labas atbp.

☆Mga pagkain maaaring iwanan sa normal na temperatura ng kuwarto (mga instant na pagkain, freeze-dried na pagkain, snacks (hindi maaari ang sariwang snacks), prutas, pouch jelly, inuming nasa PET bottle atbp.)

*Para sa mga prutas, limitado lamang sa mga prutas na nababalatan gamit ang kamay, at makakain kaagad pagkatapos hugasan.

*Para sa mga inumin tulad ng juice atbp, limitado lamang sa mga inumin na maaaring iwanan sa normal na temperature ng kuwarto.

☆Mga bento, onigiri atbp. na binebenta sa mga convenience store atbp. kung saan malinaw na makikita ang expiration date nito.

*Walang microwave kung kaya’t hindi ito mapapainit bago kainin.
Bukod dito, upang magarantiya ang kaligtasan at kalinisan ng pagkain, hindi maaaring initin muna ang pagkain bago ito ipadala.

☆Mga pagkaing nakabalot, maaaring pangasiwaan sa normal na temperatura ng kuwarto, matagal bago ma-expire (matatamis na tinapay, tinapay na may palaman na matatagpuan sa bentahan ng tinapay)

◆ Mga hindi maaaring ipadalang bagay (pagkain)

☆Inuming may alkohol
☆Hilaw na pagkain (sashimi, sushi, atbp.)
☆Pagkaing niluto sa bahay
☆Frozen na pagkain (ice cream atbp.)
☆Mga pagkaing kailangang ilagay sa ref. O mga pagkaing madalas na ipinapalagay na inilalagay sa ref.
☆Mga produktong inihahanda nang mainit-init sa oras ng pagbili tulad ng fast food, tindahan ng bento atbp.

◆ Mga bagay na hindi maaaring ipadala (maliban sa pagkain)

☆Sigarilyo (kabilang ang heated tobacco product)
☆Mapanganib na bagay (kabilang ang kutsilyo, patalim atbp.)
☆Bagay na gumagawa ng ingay
☆Air-conditiong at heating equipment (kabilang ang electric heating blanket)

Ukol sa babayaring gastos sa pagpapagaling sa tuluyan

Walang babayaring gastos para tuluyan at pagkain para sa pagpapagaling mula sa COVID-19.
Gayunman, kapag kinailangan ang paggagamot maliban para sa COVID-19, magkakaroon ng hiwalay na gastos na kayo mismo ang magbabayad.

○ Gastos sa tuluyan at pagkain ➡ walang bayad

○ Gastos sa medikal na konsultasyon at gamot
- Paggagamot na may kinalaman sa COVID-19 ➡ walang bayad
  (Hal.) Paggamot para sa lagnat, ubo, sakit ng lalamunan atbp.

- Paggamot na walang kinalaman sa COVID-19 ➡ may sariling bayad
  (Hal.) Paggamot sa kronikong sakit, patuloy na preskripsyon ng dalang gamot atbp.

UGNAYAN
Shiga Prefecture Health and Welfare Department,
Infectious Disease Control Division
TEL: 077-528-3582